# Kung Paano Mag-ulat ng mga Hate Crime at Hate Incident, at Makakuha ng Tulong

## Yunit ng Serbisyo para sa mga Biktima ng Kagawaran ng Katarungan ng California

Nag-aalok si California Attorney General Rob Bonta ng sumusunod na impormasyon kung paano matutukoy at iuulat ang mga hate crime at hate incident, pati na rin ang mga serbisyong makukuha ng mga biktima.

## *Hate crime o hate incident?*

May pagkakaiba sa pagitan ng hate crime  at hate incident gaya ng ipinaliwanag sa ibaba:

**Ang hate crime** ay isang krimen, maliit man o mabigat, na isinagawa laban sa isang tao, grupo, o ari-arian na udyok ng pagkapoot o sinadyang pagkiling laban sa tunay o pinaniniwalaang protektadong katangian ng pagkakakilanlan ng biktima. Kasama sa pinaniniwalaang protektadong katangian ng pagkakakilanlan ang pagiging itinuring, inakala, o tinrato na tila taglay ang ganoong protektadong katangian, kahit hindi naman ito tiyak o totoo. Puwede kang maging biktima ng hate crime kung ikaw ay pinuntirya dahil sa iyong aktuwal o pinaniniwalaang:

- Pisikal o mental na kapansanan,
- Kasarian, ibig sabihin, ang kasarian sa kapanganakan, at kabilang ang pagkakakilanlan ng kasarian, at ekspresyon ng kasarian,
- Nasyonalidad,
- Lahi o etnisidad,
- Relihiyon,
- Sekswal na oryentasyon, o
- Kaugnayan sa isang tao o grupong may isa o higit pa sa mga “aktuwal” o “pinaniniwalaang” katangiang ito.
- Sa ilalim ng batas sibil, may iba pang protektadong pagkakakilanlan na hindi nakalista rito.

Ang biktima ay maaaring isang tao, pamilya, grupo, sentrong pangkomunidad, pasilidad na pang-edukasyon, entidad, opisina, lugar ng pagpupulong, lugar ng pagsamba, pribadong institusyon, ahensyang pampubliko, aklatan, o iba pang biktima o nilalayong maging biktima ng paglabag, ngunit hindi limitado sa mga ito.

Ang **hate incident** ay isang kilos o pag-uugali na udyok ng pagkapoot o sinadyang pagkiling laban sa isang protektadong grupo na hindi itinuturing na isang krimen. Pinahihintulutan ng kalayaan sa pananalita sa ilalim ng Konstitusyon ng U.S. at California ang mapanirang pananalita, hangga’t hindi ito lumalabag sa mga karapatang sibil ng iba. Dapat mo pa ring iulat ang mga hate incident sa iyong lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas. Kung ang isang hate incident ay humantong sa pagbabanta o gawaing kriminal laban sa isang tao o ari-arian, maaari na itong maituring na isang hate crime. Maaari ka ring magkaroon ng karapatang makakuha ng lunas sibil kung nahantad ka sa isang hate incident.

Mga halimbawa ng hate incident:

- Pagbabansag, pang-iinsulto, panlalait, mapanirang komento, at masasamang salita laban sa isang protektadong grupo na hindi naglalaman ng banta ng karahasan.
- Pagpapakita ng mapanirang materyal sa sariling ari-arian na walang banta ng karahasan.
- Pagsusuot ng kasuotan na may mapanirang mensahe na walang banta ng karahasan.

- Pamamahagi ng mga materyal na may mapanirang mensahe sa mga pampublikong lugar na walang banta ng karahasan.

## Kung paano matutukoy ang hate crime:

Ang mga palatandaan na ang isang krimen ay maaaring udyok ng pagkapoot o pagkiling ay kinabibilangan ng:

- Pinili ng salarin ang biktima o ari-arian dahil sa kaugnayan nito sa isang protektadong grupo, hal., partikular na relihiyon, lahi, o kasarian.
- Gumamit ang salarin ng nakasulat o sinabing mga komento na nagpapakita ng pagkamuhi, hal., panlalait, simbolo.
- Nangyari ang krimen sa isang lugar na mahalaga para sa protektadong grupo ng biktima, hal., lugar ng pagsamba, sentrong pangkomunidad, parada, o kultural na selebrasyon.
- Nangyari ang krimen sa isang petsa na may kahalagahan sa protektadong grupo ng biktima, hal., relihiyosong okasyon, kultural na pista-opisyal gaya ng Chinese New Year o Pride celebration, o anibersaryo ng isang mahalagang kaganapan.
- May kilalang aktibidad ng organisadong hate activity sa lugar.

## Kung nanganganib ka, tumawag sa 911 o kontakin agad ang iyong lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas. Kapag ligtas ka na at nakatanggap na ng kinakailangang atensyong medikal, kung maaari, gawin ang mga sumusunod:

- Itabi ang anumang pisikal na ebidensiya, hal., graffiti, nabasag na gamit, o anumang bagay na ginamit sa insidente, isulat ang lahat ng iyong naaalala, at kumuha ng larawan.
- Kunin ang pangalan at contact information ng iba pang biktima at saksi, pati na rin ang anumang paglalarawan at impormasyon na maaaring mayroon sila tungkol sa (mga) salarin.

## Kung may nasaksihan kang hate crime, kailangan mong iulat ang krimen sa iyong lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas.

- Nagbibigay ang Kagawaran ng Katarungan ng California ng mga kasangkapan at tulong para tulungan ang mga lokal, estado, at pederal na awtoridad sa pagsisiyasat ng mga posibleng hate crime kabilang ang pagkilala, pag-aresto, pag-usig, at paghatol sa mga maysala ng mga krimeng iyon.

## Kung ano ang maaari mong gawin o ng iyong komunidad laban sa pagkapoot:

- **Unawain ang suliranin.** Maaaring magtulungan ang lahat ng stakeholder na maunawaan ang lokal na suliranin at makabuo ng angkop na solusyon.
- **Manindigan at magpalaganap ng kaalaman.** Hayagang kondenahin ang pagkapoot at hindi pagtanggap sa iba, at hikayatin ang mga pampublikong opisyal na ganoon din ang gawin.
- **Palakasin ang pagtutulungan ng komunidad at tagapagpatupad ng batas.** Ang matibay na ugnayan sa pagitan ng mga tagapagpatupad ng batas at ng komunidad ay maaaring maging lubhang epektibo sa pagpigil at wastong pagtugon sa mga hate crime.
- Maaaring isulong ng mga **Human Relations Commission (Komisyon para sa mga Ugnayang Pantao)** ang pagkakaunawaan sa komunidad, magbigay ng suporta sa mga biktima, at magsikap na maiwasan ang mga susunod pang hate crime at hate incident. Maaari rin silang magturo sa mga tagapagpatupad ng batas at sa publiko tungkol sa mga hate crime at hate incident, subaybayan ang mga kalakaran, at magsulong ng pagbabago sa mga polisiya.

## *Impormasyon para sa mga biktima:*

Ang Batas ng mga Karapatan ng mga Biktima sa California (Saligang Batas ng California, art. I, § 28), na kilala bilang Marsy's Law, at ang Penal Code ay nagbibigay sa iyo ng mahahalagang legal na karapatan sa isang kasong kriminal kung biktima ka ng isang hate crime. Bukod dito, ang mga biktima ng hate crime at hate incident ay maaari ding magkaroon ng lunas sibil sa pamamagitan ng korte sibil[i] sa ilalim ng: Ralph Civil Rights Act (Civil Code § 51.7), at Tom Bane Civil Rights Act (Civil Code § 52.1).

- **May karapatan din ang mga biktima na humingi ng kabayaran para sa kanilang mga pagkalugi.** Sa isang kasong kriminal, puwede kang humiling at makatanggap ng bayad-pinsala upang matustusan ang iyong mga pagkalugi sa ari-arian, gastusing medikal kabilang ang makatwirang bayad sa pagpapayo, nawalang sahod, at iba pang pagkalugi. Sa isang kasong sibil, maaari ring ipag-utos ng korte ang kabayaran para sa aktuwal na pagkalugi, pati na rin ang mga hindi pisikal na pagkalugi gaya ng emosyonal na paghihirap. Maaaring ipag-utos ng korte sibil na bayaran ka ng taong nanakit sa iyo; ang akusado, ng exemplary o punitive damage, bayaran ang gastos sa abogado kung kumuha ka ng abogado para tumulong sa iyong kasong sibil, at/o bayaran ka ng $25,000 dahil sa paglabag sa iyong mga karapatang sibil.
- **Karapatang ibahagi ang iyong salaysay.** Sa isang kasong kriminal, may karapatan kang sabihin sa korte kung paano nakaapekto sa iyong buhay ang krimen bago hatulan ang akusado.
- **Karapatang makatanggap ng impormasyon tungkol sa kasong kriminal.** May karapatan kang makatanggap ng mahahalagang impormasyon mula sa tagausig tungkol sa kaso, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na impormasyon: (1) ang pag-aresto sa akusado; (2) ang mga kasong isinampa; (3) ang paghatol, sentensya, at/o pagkakakulong ng akusado; at, kung naaangkop, (4) ang nakaiskedyul na petsa ng pagpapalaya sa akusado. Puwede ka ring humiling na maabisuhan nang makatwiran tungkol sa mga pampublikong pagdinig at sa parole o iba pang proseso ng pagpapalaya matapos ang paghatol.
- **Karapatang humingi ng tulong sa korte para sa kaligtasan.** Maaaring maglabas ang korte ng mga utos na makatutulong sa iyo, gaya ng kriminal o sibil na protective order o restraining order upang protektahan ka, ang iyong kilalang pinakamalapit na pamilya, o ang iyong kinakasama mula sa karagdagang karahasan, pagbabanta, paniniktik, o panliligalig mula sa akusado, kabilang ang utos na lumayo sa iyo ang akusado.
- **Ang karapatan sa pagiging pribado ng iyong katayuan sa imigrasyon.** Kung ikaw ay biktima o saksi sa isang hate crime, hindi ka maaaring arestuhin ng mga tagapagpatupad ng batas dahil sa aktuwal o pinaghihinalaang paglabag sa batas sa imigrasyon, o iulat sa mga pederal na awtoridad sa imigrasyon, maliban na lamang kung ikaw ay may kasong isinampa o napatunayang nagkasala sa ilalim ng ilang partikular na batas ng estado. Ipinagbabawal ng batas ng California sa mga awtoridad ng tagapagpatupad ng batas ang magtanong sa mga indibidwal kabilang ang mga nag-uulat o mga biktima ng posibleng krimen, tungkol sa kanilang katayuan sa imigrasyon. Gayunman, kung nais mong mag-aplay para sa U visa (para sa mga biktima ng krimen) o T visa (para sa mga biktima ng human trafficking), puwede mong ibahagi ang iyong katayuan sa imigrasyon sa mga awtoridad upang makakuha ng sertipikasyon para sa U visa o T visa.

## *Kung saan maaaring humingi ng tulong:*

- **Tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na ospital kung kailangan mo ng agarang medikal na atensyon. Upang magsampa ng ulat, makipag-ugnayan sa iyong lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas.**

---

i Tanging ang pamahalaan lamang ang maaaring magsampa ng mga kasong kriminal. Maaaring kabilang sa mga parusa sa kasong kriminal ang, ngunit hindi limitado sa, ang pagkakakulong, multa, o iba pang kaparusahan bilang alternatibo sa pagkakakulong. Sa kabilang banda, ang mga kasong sibil ay maaaring isampa ng mga indibidwal, mga entidad, o ng pamahalaan. Nilulutas ng mga kasong sibil ang mga alitang may kinalaman sa mga batas sibil, at mas magaan na antas ng ebidensiya ang kinakailangan kumpara sa mga kasong kriminal. Walang parusang pagkakakulong sa mga kasong sibil.

- ***CA vs. Hate* Linya at Network ng Mapagkukunan**
  Ang *CA vs. Hate* ay hindi linya para sa pag-uulat sa mga tagapagpatupad ng batas, ngunit puwede kang mag-ulat ng mga hate crime at mga insidente nito sa (833) 866-4283 o mag-ulat online sa https://stophate.calcivilrights.ca.gov/s/. Nakakatulong ang pag-uulat upang matigil ang pagiging normal ng pagkapoot sa ating mga komunidad, at matiyak na makatatanggap ng tulong ang mga apektadong indibidwal. Nagbibigay rin ang *CA vs. Hate* ng access sa mga serbisyo at suportang angkop sa kultura para sa mga komunidad at biktima.

- **Yunit ng mga Serbisyo para sa Biktima ng Tanggapan ng Attorney General ng California**
  Nag-aalok ang yunit na ito ng suporta sa mga biktima ng krimen at kanilang mga pamilya sa bawat yugto ng proseso ng kriminal na kaso. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (877) 433-9069 o bisitahin ang oag.ca.gov/hatecrimes.

- **California Civil Rights Department (Kagawaran ng mga Karapatang Sibil ng California, CRD)**
  Ang CRD ang ahensya ng estado na nagpapatupad ng Ralph Civil Rights Act. Kung naging biktima ka ng hate crime o hate incident, puwede kang magsampa ng reklamo sa CRD laban sa taong nanakit sa iyo. Para sa impormasyon kung paano magsampa ng reklamo, bisitahin ang Calcivilrights.ca.gov/complaintprocess, o tumawag sa (800) 884-1684 (Libreng Tawag) o sa (800) 700-2320 (TTY).

- **Sentro ng Tulong para sa Biktima at Saksi ng Tanggapan ng Lokal na Abogado ng Distrito**
  Ang bawat county at ang Lungsod ng Los Angeles ay may Sentro ng Tulong para sa mga Biktima at Saksi na direktang nakikipagtulungan sa California Victim Compensation Board (Lupon para sa Kabayaran sa mga Biktima ng California) upang tumulong sa mga biktima. Para sa impormasyon tungkol sa lokal na tanggapan at mga mapagkukunan, bisitahin ang victims.ca.gov/victims/localhelp.aspx.